Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Panauhan at Kailanan ng Panghalip na Panao

Kakayahan: Naitutukoy ang panauhan at kailanan ng panghalip na panao

Bilugan ang panauhan at kailanan ng panghalip na may salungguhit.

1. Anong karanasan ang nagdulot ng pagbabago sa buhay <u>mo</u>?

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

2. Nakita <u>namin</u> ang malaking tsubibo sa karnabal.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

3. <u>Kanya</u> ang asong puti at mabalahibo.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / Kailanan: isahan dalawahan maramihan

4. Magdasal <u>kata</u> bago kumain ng hapunan.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

5. Si Ramil at <u>ako</u> ang magluluto ng tanghalian mamaya.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

6. Nalaman <u>nila</u> na magkakaroon ng pagsusulit sa *Science* bukas.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

7. Ang mga kama sa dulo ng silid ay <u>kanita</u>.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

8. Ang tungkulin na ito ay hindi atin kundi <u>kanila</u>.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

9. Ang tirang ulam sa *refrigerator* ay <u>iyo</u>.

   Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

10. Isabuhay <u>ninyo</u> ang mabubuting pagpapahalaga.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Panauhan at Kailanan ng Panghalip na Panao

Kakayahan: Naitutukoy ang panauhan at kailanan ng panghalip na panao

Bilugan ang panauhan at kailanan ng panghalip na may salungguhit.

11. Siya ay lagi mong maasahan na tumulong kapag may suliranin ka.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

12. Kayo ay lalangoy patungo sa maliit na pulong iyon.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

13. Amin ang mga bisikleta sa garahe.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

14. Naiwasto na niya ang mga pagsusulit sa Araling Panlipunan.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

15. Mag-isip tayo ng paraan para matulungan natin ang pulubi.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

16. Naligaw sila papunta rito dahil nawala ang kanilang mapa.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

17. Huminahon ka muna bago ka gumawa ng desisyon.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

18. Napansin ko na malungkot si Kristina ngayon.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

19. Ang mga damit na nakasampay sa bakod ay akin.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

20. Ang mga inumin na itinimpla ko ay para sa inyo.

    Panauhan: una ikalawa ikatlo / *Kailanan:* isahan dalawahan maramihan

© 2014 Pia Noche

Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Panauhan at Kailanan ng Panghalip na Panao (Mga Sagot)

Kakayahan: Naitutukoy ang panauhan at kailanan ng panghalip na panao

Bilugan ang panauhan at kailanan ng panghalip na may salungguhit.

1. mo – ikalawa, isahan
2. namin – una, maramihan
3. Kanya – ikatlo, isahan
4. kata – una, dalawahan
5. ako – una, isahan
6. nila - ikatlo, maramihan
7. kanita – una, dalawahan
8. kanila – ikatlo, maramihan
9. iyo – ikalawa, isahan
10. ninyo – ikalawa, maramihan
11. Siya – ikatlo, isahan
12. Kayo – ikalawa, maramihan
13. Amin – una, maramihan
14. niya – ikatlo, isahan
15. tayo – una, maramihan
16. sila – ikatlo, maramihan
17. ka – ikalawa, isahan
18. ko – una, isahan
19. akin – una, isahan
20. inyo – ikalawa, maramihan

© 2014 Pia Noche